**DepEd ADVISORY No. 431, s. 2011**
**In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009**
**this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel**
**(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)**
**August 25, 2011**

## PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO

Ang Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT), Iligan City, ay magdaraos ng **Pambansang Seminar sa Filipino** na may temang "*Learning and Understanding by Design at Iba Pa: Mga Pagdulog sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Filipino*" sa Nobyembre 17-19, 2011 sa MSU-IIT Mini Theater.

Ang layuning panlahat ng seminar ay maibahagi ang L/UbD at iba pang mga napapanahong pagdulog sa pagtuturo ng Filipino at panitikan sa mga dadalong delegado.

Ang mga inaanyayahang dadalo ay mga titser, superbisor, instraktor, propesor, at mag-aaral sa Filipino.

Ang butaw ay Tatlong Libong Piso (PhP3,000.00) para sa rehistrasyon, seminar kit, mga sertipiko at handawt, tatlong (3) pananghalian at limang (5) isnak. Ang pagsama sa lakbay-dalaw sa Ma. Cristina Falls, Macaraeg-Macapagal Ancestral House, Iligan City Hall, Iligan Nature's Park, at iba pa ay opsyonal at may karagdagang Dalawang Daang Piso (PhP200.00) para sa transportasyon at isnak.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan kay **Dr. Marie Joy D. Banawa**, Tserman, Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, CASS, MSU-IIT, Iligan City, sa pamamagitan ng sulat o e-mail: joybanawa@yahoo.com; sa telepono blg.: (063) 223-1924; (063) 225-0090 (sa gabi lamang) o selfon blg.: 0917-726-6155 at 0922-884-6979.

R-MCR/DA-Pambansang Seminar sa Filipino
Agosto 23, 2011